

OWA

OFFICE OF THE
WORKER ADVISER

BUREAU DES
CONSEILLERS DES
TRAVAILLEURS

BCT

NASUGATAN SA TRABAHO?

Paghingi ng Tulong mula sa Tanggapan ng Tagapayo ng Manggagawa (Office of the Worker Adviser)

Ano ang Office of the Worker Adviser o OWA (Tanggapan ng Tagapayo ng Manggagawa)?

Ang Tanggapan ng Tagapayo ng Manggagawa (Office of the Worker Adviser) ay isang independenteng ahensya ng Ministro ng Paggawa ng Ontario. Naghahandog kami ng mga libreng serbisyo sa mga kaso ng pasiguruhan sa lugar ng pagtatrabaho (na dati ay tinatawag na workers' compensation) para sa mga nasugatang manggagawa na di kasapi sa unyon at sa mga naiwan ng mga manggagawa na namatay sanhi ng isang pagkasugat o karamdaman na may kaugnayan sa trabaho. Ang OWA ay **hindi** bahagi ng Lupon ng Kaligtasan at Pasiguruhan sa Lugar ng Pagtrabaho (Workplace Safety and Insurance Board o WSIB).

Paano makakatulong ang OWA sa iyo?

Kung ikaw ay isang manggagawang nasugatan o di kaya'y naiwan ng namatay na manggagawa, maaaring gawin ng OWA ang mga sumusunod:

- kumatawan sa iyo sa iyong pag-apila sa WSIB o di kaya'y sa Hukuman ng mga Pag-apila sa Kaligtasan at Pasiguruhan sa Lugar ng Pagtrabaho (Workplace Safety and Insurance Appeals Tribunal o WSIAT)
- bigyan ka ng payo at ng mga nakasulat na materyales ukol sa mga karaniwang suliranin sa pasiguruhan sa lugar ng pagtrabaho
- bigyan ka ng kaalaman ukol sa iba pang mga lugar kung saan ka makakakuha ng tulong

Ang OWA ay nagdudulot din ng mga serbisyong pang-edukasyon para sa mga manggagawa at ang kanilang mga kinatawan ukol sa paksa na may kinalaman sa pasiguruhan sa lugar ng pagtrabaho.

Mayroon bang Singil o Bayad para sa mga Serbisyo ng OWA?

Wala. Tutulungan ka ng OWA nang libre.

Sino ang makakakuha ng tulong mula sa OWA?

Ang OWA ay tumutulong sa lahat ng mga manggagawa na hindi kasapi ng isang unyon sa kalakalan. Alinsunod sa batas, nakasaad na hindi maaaring makapagbigay ng mga serbisyo ang OWA sa mga kasapi ng unyon.

Kung ikaw ay isang kasapi ng unyon, ang mga tauhan ng OWA ay:

- ipagbibigay-alam sa iyo ang ukol sa anumang mga limitasyon ng panahon para sa pagkilos sa iyong kaso
- isasangguni ka pabalik sa iyong unyon para sa tulong

Sino ang Kasapi ng isang Unyon?

Itinuturing ng OWA na isa kang kasapi ng unyon kung ikaw ay isang kasapi ng isang saklaw na yunit sa isang lugar ng pinagtatrabahuan na nasa ilalim ng unyon at ikaw ay nagtamo ng pagkasugat sa lugar ng pagtrabaho ng unyon.

Maaari kang matulungan ng OWA at sa karaniwan ay hindi ka ituturing na kasapi ng unyon at matutulungan ka) kapag:

- nasugatan ka sa isang lugar ng pagtrabaho na nasa ilalim ng unyon, ngunit sa ngayon ikaw ay nagtatrabaho sa isang lugar ng pagtrabaho ng hindi sakop ng unyon
- ikaw ay nagretiro, nagbitiw sa trabaho o di kaya'y sa ibang paraan ay iniwan mo ang iyong trabaho na nasa isang lugar ng pagtrabaho na sakop ng unyon
- ikaw ay nasama sa pagbabawas ng mga tauhan o di kaya'y nawalan ka ng trabaho sa isang lugar ng pagtrabaho na sakop ng unyon, (maliban kung gusto mo ng tulong sa muling pagkuha ng iyong dating trabaho)

- sa ngayon ikaw ay nagtatrabaho sa isang lugar ng pagtrabaho na sakop ng unyon, ngunit ang iyong paghabol ay para sa isang pagkasugat na iyong natamo sa iba pang amo
- ikaw ay nasa isang listahan ng mga maaaring matanggap (hiring hall list), ngunit hindi ka pa nakapagtrabaho sa loob ng nakaraang 12 buwan
- ikaw ay ang naiwan ng isang manggagawa na kasapi ng unyon na sumakabilang-buhay sanhi ng isang pagkasugat o karamdaman sa lugar ng pagtrabaho, ngunit hindi na makakatulong ang unyon sa iyo

Paano ka makakakuha ng tulong mula sa OWA?

Upang makipag-usap sa isang tao na makapagbibigay sa iyo ng payo sa pamamagitan ng telepono, maaari kang tumawag sa aming walang-bayad na linya sa buong Canada sa numerong **1-800-435-8980** para sa pagsilbi sa wikang Ingles, o sa **1-800-661-6365** para sa pagsilbi sa wikang Pranses. Awtomatikong kang ikakabit sa tanggapan ng OWA na pinakamalapit sa iyo kung maaaring magamit ang tanggapan na iyon. Kailangan ay nakahanda na ang mga sumusunod na impormasyon kapag ikaw ay tumawag:

- ang iyong numero ng habol sa WSIB (WSIB claim number) o numero ng pag-apila sa WSIAT (WSIAT appeal number)
- ang petsa kung kailan naganap ang iyong aksidente
- ang uri ng iyong pagkasugat
- ang pangalan ng iyong amo sa oras ng iyong pagkasugat
- ang (mga) pagpasya ng WSIB o (mga) liham na sanhi ng iyong pagtawag

Kailan kikilos ang OWA bilang Kinatawan sa iyong mga Pag-apila?

Maaaring kumatawan ang OWA sa iyo sa iyong mga pag-apila sa WSIB hanggang sa pinakahuling antas ng pag-apila sa WSIAT. Ang aming kakayahan na kumatawan sa iyo ay nakasalalay sa aming mga gamit-yaman at sa uri ng iyong suliranin. Kung sakaling magsilbi kaming kinatawan mo o hindi, ang mga tauhan ng OWA ay tutulong sa iyo upang tukuyin ang anumang mga limitasyon ng panahon na kailangan mong sundin sa iyong kaso. Tutulong din kami sa iyo na magsampa ng isang sulat sa WSIB o WSIAT upang sikaping maprotektahan ang iyong mga karapatan sa pag-apila.

Naghahandog din ba ang OWA ng mga Serbisyo sa mga Wikang bukod sa Ingles at Pranses?

Ang OWA ay naghahandog ng mga serbisyo nang pangunahin sa Ingles at Pranses. Ang ilan sa aming mga tanggapan ay maaaring magdulot ng mga serbisyo sa iba pang mga wika. Subalit, ang aming kapasidad ay limitado.

Kung kaya't kung hindi ka nagsasalita ng Ingles o Pranses, mahalaga na mayroong tao na iyong pinagkakatiwalaan na nagsasalita ng iyong wika at nagsasalita din ng Ingles o Pranses na tutulong sa iyo kapag tumawag ka sa OWA. Kapag sumang-ayon ang OWA na kumatawan sa iyo sa isang pandinig, maaaring maiayos ang isang propesyonal na tagasalin-bigkas.

MAHALAGANG IMPORMASYON

Mayroong mga limitasyon ng panahon para sa pag-apila ng mga pagpasya ng WSIB. Kung nais mong mag-apila sa isang pagpasya, makipag-ugnayan sa isang kwalipikadong kumatawan sa lalong madaling panahon. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga limitasyon ng panahon, sumangguni sa mga Dokumentong Katunayan ng OWA (OWA Fact Sheets) na "Appealing to WSIB" ("Pag-apila sa WSIB") at "Appealing to WSIAT" ("Pag-apila sa WSIAT").

Ang Papel sa Katunayan na ito ay naglalaman lamang ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito isang legal na dokumento. Upang malaman kung ano ang sinasabi ng batas, kailangan mong suriin ang mga Batas sa Kaligtasan at Pasiguruhan sa Lugar ng Pagtatrabaho (Workplace Safety and Insurance Act) at ang mga patakaran ng WSIB. Kung nangangailangan ka ng tulong at walang unyon na tutulong sa iyo, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Tagapayo ng Manggagawa (Office of the Worker Adviser):

- Ang aming walang-bayad na numero ng telepono ay 1-800-435-8980 (Ingles) o 1-800-661-6365 (Pranses)
- o bisitahin ang aming website sa <http://www.owa.gov.on.ca>

Ang Papel sa Katunayan na ito ay maaari ding makuha sa wikang Ingles at Pranses.

